Estado ng California—Ahensiya ng Serbisyong Pangkalusugan at Pangkatauhan
Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California

TOMÁS J. ARAGÓN, M.D., Dr.P.H.
Direktor & Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan

GAVIN NEWSOM
Gobernador

Hulyo 12, 2023

PARA SA:
Sa Lahat ng mga Namamahala sa mga Empleyado sa California

PAKSA:
Pagtugon sa COVID-19 sa Lugar ng Pinagtratrabahuan ng nga Namamahala sa mga Empleyado

Kaugnay na mga Materyales: Karagdagang mga Empleyado & Patnubay sa lugar ng Pinagtratrabahuan | Lahat ng Patnubay | Karagdagang mga Wika

Mga Pagbabago hanggang Hulyo 12, 2023:

- Mga Pinagkukunan kaugnay sa Cal/OSHA COVID-19 na Pag-iwas sa mga Regulasyon na Hindi Pangemerhensiya
- Mga binagong mga sanggunian para sa pagsiklab ng pag-uulat at patnubay.
- Mga Pagbabagong mga rekomendasyon at mga link tungkol sa paggamit ng mask.

Pagtugon sa Covid-19 sa Lugar na Pinagtratrabahuan

Ang mga namamahala ng mga empleyado ay may mahalagang tungkulin na gagampanan sa pagpapanatiling ligts ang mga empleyad mula sa COVID-19. Ang pinagkukunan ng dokumento na ito ay binuo upang makatulong sa mga namamahala sa mga empleyado na unawain ang mga hakbang na kanilang isasagawa upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 at pagtugon nang mabilis at nararapat sa COVID-19 na mga kaso at pagsiklab na naitukoy sa lugar na pinagtratrabahuan

Ang mga lokal na departamento ng kalusugan o local health departments (LHDs) ay maaring ipagpatuloy na implementahan ang karagadagang mga kinakailangan na mas strikto kaysa sa patnubay sa buong estado base sa lokal na pangyayari, kasama ang ilang mga mas mataas na panganib na lugar o sa panahon ng ilang mga sitwasyon (halimbawa, sa panahon ng aktibong pagsiklab sa mas mataas na panganib na lugar).

Mga Legal at Regulatoryong Pangangailangan

Ang nakaraang pangangailangan sa buong estado para sa mga namamahala ng mga empleyado na abisuhin ang mga LHD sa mga lugar ng COVID-19 na pagsiklab ay hindi na magigiig epektibo. Ang mga LHD, sa kabilang palad, ay maaring ipagpatuloy ang pangangailangan sa pag-ulat sa pagsiklab sa pamamagiatn ng lokal na kautusan. Kailangn anamagbigay angmga namamahak ng mga empelyado ng anumang impormasyon na kianaialngan ng isnag LHD tungkol sa mga kaos ng COVID-19 o mga pagsiklab, na nailarawan sa Patnubay ng Pag-uulat sa Pagsiklab ng COVID-19 sa Lugar ng Pinagtratrabahuan.

Sa mga hindi tagapanglaga sa kalusugan na mga lugar ng pinagtratrabahuan, ang mga namamahala sa mga empleyado ay responsable sa paninigurado na ang kanilang mga aksyon ay maaring sumunod sa Cal/OSHA Mga Regulsyon sa Pag-iwas sa COVID-19 ng Hindi Pang-emerhensiya (Mga Regulasyon sa Pag-iwas sa COVID-19).

Kailangan kumonsulta angg mga namamahala ng kaso sa regulatoryong wika, Madalas na mga Katanunagan, at ibang mga materyales sa webpage ng mga regulasyon sa Pag-iwas sa COVID-19. Ang pinagkukunan ng patnubay na ito ay hindi para sa muling pagpapahayag ng kumprehensibong pangangailangan ng Cal/OSHA na regulasyon.

Ang pinagkukunan na patnubay na ito ay hindi para sa paggamit ng pamamahala o pag-iwas sa mga pagsiklab sa mga pangangalaga sa kalusugan, correctional, tuluyan, o ibang mga lugar ng pinagtratrabahuan kung saan ang Cal/OSHA na Aerosol Transmissible Diseases (ATD) na pamanatayn (Titulo 8, Seksyon 5199) ay nalalapat.

Mga Susing Nilalaman ng Pamamahala sa Pagsiklab sa Lugar ng Pinagtratrabahuan

1. **Handa na tukuyin at pamahalaan ang mga kaso ng COVID-19 sa lugar na pinagtratrabahuan**.

    - Tukuyin ang LHD kontak na impormasyon at anumang nalalapat na kinakailangan sa pag-uulat para sa LHD sa hurisdiksyon kung nasaan ang lugar na pinagtratrabahuan.
    - Italaga ang mga koordinator sa pagkontrol sa sakit sa lugar na pinagtratrabahuan at pag-iwas upang matulungan na maisakatuparan ang proseso ng pag-iwas sa impekasyon sa COVID-19 at pamahalaan ang COVID-19 kaugnay sa mga isyu sa mga empleyado.
    - Bumuo ng kasulatan sa lugar ng pinagtratrabahaun sa Injury and Illness Prevention Program (IIPP) para sa proseso ng pag-iwas sa COVID-19 kaakibat sa mga kinakailangan ng Cal/OSHA mga Regulasyon sa Pag-iwas sa COVID-19. Ang Cal/OSHA ay may Modeo sa Proseos ng Pag-iwas sa COVID-19 na Template na makikita sa webpage ng Hinid Pang-emerhensiyang Regulasyon sa Pag-iwas sa COVID-19.
    - Hilingin ang mga empleyado na iulat ang posibleng COVID-19 na mapanganib na lugar na pinagtartrabahuan sa namamahala ng empleyado, na walang takot o paghihiganti.
    - Udyukin ang mga empleyado na manatili sa bahay at iulat sa namamahala ng mga empleyado kung sila ay nasuri na may COVID-19.
        - Siguraduhin na alam ng mga empleyado ang Workers' Compensation, Insurance sa kapansanan ng Estado, o ibang mga benepsiyo sa leave na kung saan sila ay karapat-dapat.
    - Udyukin ang lahat ng empleyado na makumpleto ang kanilang mga pagpapabakuna sa COVID-19. Ang pagpapabakuna ay ang isahang pinakaepektibo na estratehiya para sa pagprotekta sa mga empleyado mula sa COVID-19.

2. **Ibahagi ang impormasyon sa LHD at ibang mga stakeholders.**

- Ang LHD sa hurisdiksyon kung nasaan ang lugar ng pinagtratrabahuan **ay maaaring** may tiyak na kinakailangan sa pag-uulat sa pagsiklab. Ang mga namamahala ng mga empleyado **ay kailangan** sumunod sa mga pangangailang na ito at magbigay ng anumang impormasyon na hiniling ng LHD. Sa kawalan ng tiyak na kinakailangan sa pag-uulat sa pagsiklab, ang mga namamahala ng mga empleyado ay inuudyok na makipag-ugnay sa LHD para sa patnubay sa mga kaso at pagsiklab, kung kinakailangan.
- Kung ang mga pasilidad ay gumagait ng mga nakakontrata o pansamanatalang mga empleyado, magtalaga ng isang indbidwal na makipag-ugnay ng impormayson at mga alituntunin sa mga empleyado at sa kanilang mga namamahala ng empleyado tuwing may pagsiklab.
- Kumonsulta sa Cal/OSHA's Pangangailangan sa Pagrekord at Pag-uulat para sa mga Kaso ng COVID-19.

3. **Tukuyin ang karagdagang mga kaso ng empleyado at malapitang nakasalamuha.**

- Kung ang mga empleyado ay naitukoy sa COVID-19, kailangan mapagpasyahan na ang namamahala ng mga empleyado kung ang empleyado ay nasa lugar ng pinagtratrabahuan sa kpanahon ng nakakahawang peryodiko at tukuyin ang anumang malapitang nakasalamuha. Kailangan na kumonsulta sa mga namamahal ng emplyado ang Cal/OSHA Regulasyon sa Pag-iwas sa COVID-19 at ang Kautusan ng Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan ng Estado Pagkontrol & Pag-iwas sa Sakit sa COVID-19 para sa mga depinisyon ng nakakahawang peryodiko at malapitang nakasalamuha.
    - Upang mabigyan ng ebalwasyon kapag naroon ang positibong indibidwal sa COVID sa lugar na pinagtratrabahuan at makatulong na makapagbigay ng karagdagang malapitang nakasalamuha, ang mga namamahal ng mga empleyado ay maaring pumili ng nakapanayam na mga emplayado sa COVID-19 sa pamamagiatn ng telepono. Ang mga rekord sa trabaho ay maaaring mapag-aral upang makuha ang impormayson na ito.
    - Ang mga malapitang nakasalamuha ay kailangan na sumunod sa California Department of Public Health (CDPH) Patnubay sa Pagbubuklod at Quarantine, kasama ang mga sumusunod na pangangailangan na mga rekomendasyon: magsuot ng tamang sukat na mask ng 10 araw pagkatapos ng pagkalantad; magpasuri sa loob ng 3-5 na araw pagkatapos ng huling pagkalantad; manatili sa tahanan at magpasuri muli kungmay namuong sinotmas.
- Kapag ang pagsilklab sa lugar na pinagtratrabahuan ay naitukoy, ang pagpapasuri sa potensyal na nailantad na mga empleyado ay kailangan na maging unang kokonsiderahin na estratehiya ng mga namamahala ng mga empleyado na maitukoy para sa karagdagang mga kaso.
    - Kailangan kumonsulta sa LHD upang talakayin ang mga estratehiya ng pagpapasuri at maaaring makatulong sa mga opsyon ng pagpapasuri, kung kinakailangan.
    - Kumonsulta sa Cal/OSHA Regulasyon sa Pag-iwas sa COVID-19 sa kinakailangan sa pagpapasuri saa nailantad na mga empleyado at tiyak na pamantayan sa pagbalik sa trabaho
    - Laging tandaan na ang pagpapasuri ay nagpapakita na ang katayuan ng isang indibidwal sa isang punto ng panahaon lamang. Kahit na negatibo ang pagpapasuri ng isang empleyado, maaari pa rin silang mamuo ng impekasyon sa COVID-19 mula sa kasalukuyang o susunod na pagkalantad. Ang pag-ulit sa pagpapasuri kung nabuo ang sintomas ay rinerekomeda sa Patnubay ng CDPH sa Pagbubuklod at Quarantine.

4. **Abisuhin at magbigay ng alituntunin sa mga empleyado.**

- Kung naitukoy ang isang indibidwal na may COVID-19 sa lugar ng pinagtratrabahuan, kailangan na magpaskil ng abiso sa pagklantad sa COVID-19 ang mga namamahala ng mga empleyado sa lugar na pinagtratrabahuan. Tignana ang Labor Code 6409.6 at Cal/OSHA Regulasyon sa Pag-iwas sa COVID-19 para sa karagdagang impormasyon sa mga abiso ng pangangailangan.

5. **Pagpasyahan kung nararapat na bumalik sa trabaho ang mga empleyado na may COVID-19.**

- Kailangan na pag-aralan ng mga namamahala ng empleyado ang kumakailan lamang na Cal/OSHA na pangangailangan at CDPH Patnubay sa Pagbubuklod at Quarantine upang mapagpasyahan kung kailan babalik sa trabaho ang mga empleyado na nasuring positibo sa COVID-19.
    - Ang mga peryodiko na hindi kasama sa trabaho ay nag-iiba depende sa mga sintomas ng indibidwal at resulta ng pagsusuri.
- Maaaring magsakatuparan ang LHDs ng karagdagang pangangailangan sa pagbalik sa trabaho; kailangan na kumonsulata ang mga namamahala sa mga empleyado sa LHD sa hurisdiksyon kung nasaan ang lugar ng pinagtratrabahuan maliban sa mga pangangailangan na ito.

6. **Kumuha ngmga hakbang sa pag-iwas sa lalong pagkalat ang COVID-19 sa lugar ng pinagtratrabahuan.**

- Kumonsulat sa CDPH Benepisyo ng Pagsuot ng mask na patnubay upang maunawaan kung paano magtasa ang kalidad ng mask at ang kaibahan ng mask at respirators.
    - Kailangan magbigay ang mga namamahala ng empleyado ang mask na may tamag sukat at pansala.
    - Sa mataas na panganib na sitwasyon, tulad ng mataas na bilang ng manggagawa o pagsiklab sa lugar na pinagtratrabahuan, o kung maraming sa komunidad ang may kasalukuyang COVID-19 ay maaring nakakahawa sa iba, ang mga empleyado ay **mahigpit na** pinapayuhan na magbigay ng naapurbahan ng NIOSH na N95 respirators sa mga empleyado.
- Kumonsulta sa Cal/OSHA Regulasyon sa Pag-iwas sa COVID-19 upang maunawaan kung kinakailangan ang mask at respirators sa mga empleyado at anong mga karagadagang hakbang sa pagprotekta ang kinakailangan.
- Tignan ang Cal/OSHA Regulasyon sa Pag-iwas sa COVID-19 at CDPH Interim na Patnubay sa Bentilasyon, Pansala, at Kalidad ng Hangin sa Panloob an Kapaligiran para sa karagdagang impormasyon kung paano mapabuti ang bentilasyon sa lugar ng pinagtratrabahuan.

Karagdagang Pinagkukunan ng CDPH

- Sangay ng Okupasyonal na Kalusugan ng COVID-19 & ang Lugar ng Pinagtratrabahuan
- AB 685 Kinakailangan sa Pag-uulat sa Pagsiklab sa COVID-19 sa Lugar ng Pinagtratrabahuan para sa Lokal na Pampublikong Departamento ng Kalusugan
- Interim sa Patnubay sa Bentilasyon, Pansala at Kalidad ng Hangin na Panloob na Kapaligiran
    - Mga Payo sa COVID-19 &Kalidad ng Bentilasyon sa Panloob na Hangin
- Face Mask Mga Payo & Pinagkukunan
- Patnubay sa Lokal na Hurisdiskton sa Pagbubuklod at Quarantine sa Pangkalahatang Publiko

    - Patnubay sa Pagbubuklod at Quarantine Question and Answers

Karagdagang Pinagkukuan ng Cal/OSHA

- webpage ng Cal/OSHA COVID-19
    - Mga Hindi Pang-emerhensiya na mga Regulasyon, pinagkukunan, at FAQs sa Pag-iwas sa COVID-19
    - Pangangailangan sa Pagrekord at Pag-uulat sa mga Kaso ng COVID-19

Orihinal na Ipinahayag noong Hunyo 16, 2020